

**WEEKLY LEARNING PLAN**


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Quarter** | 1 | | **Grade Level** | 2 |
| **Week** | 7 | | **Learning Area** | AP |
| **MELCs** | **Nailalarawan ang panahon at kalamidad na nararanasan sa sariling komunidad.** | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | 1. nailalarawan ang panahon at kalamidad na nararanasan sa sariling komunidad;<br>2. natutukoy ang iba't ibang uri ng panahong nararanasan sa sariling komunidad;<br>3. nakabubuo ng simpleng ulat ukol sa kalagayan ng panahon sa sariling komunidad;<br>4. maging responsableng mag-aaral at handa sa anumang panahon at kalamidad sa maaaring maranasan sa hinaharap. | Panahon at Kalamidad sa Sariling Komunidad | **SUBUKIN**<br><br>Panuto: Kilalanin ang mga nasa larawan. Isulat ang sagot sa kahon. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.<br><br><br><br>**BALIKAN**<br><br>Panuto: Isulat kung anong anyong lupa at anyong tubig ang nasa larawan. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.<br><br> | Sagutan ang sumusunod na Gawain sa Pagkatuto Bilang ______ na makikita sa Modyul AP 2.<br><br>Isulat ang mga sagot ng bawat gawain sa Notebook/Papel/Activity Sheets.<br><br>Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |

2

Panahon at Kalamidad sa Sariling Komunidad

**TUKLASIN**

May iba't ibang panahon at kalamidad ang nararanasan sa bawat komunidad. Maaaring maging sanhi ito ng pagkasira ng mga ari-arian o pagkawala ng buhay ng tao. Mahalagang malaman natin ang uri ng panahon at mga kalamidad na maaaring maranasan natin sa hinaharap. Basahin ang ulat-panahon ni Perle.




**SURIIN**

May dalawang uri ng panahon ang nararanasan sa ating komunidad. Ito ang tag-init at tag-ulan. Mula sa buwan ng Nobyembre hanggang buwan ng Abril nararanasan ang tag-init samantalang mula naman buwan ng Mayo hanggang Oktubre ang tag-ulan. Maaaring magbago ang buwan ng tag-init at tag-ulan dahil sa epekto ng global warming o pag-init ng daigdig. Sa bawat uri ng panahon, maaaring makaranas ng iba't ibang sakit gaya ng lagnat, ubo, sore eyes, allergy at iba sa panahon ng tag-init at tag-ulan.


| Uri ng Panahon | Magandang Dulot | Hindi Magandang Dulot |
|---|---|---|
| Tag-init | Nakagagawa ng mga gawain o aktibidad sa labas | Natutuyo ang mga pananim |
| | Nakapagbibilad ng palay ang mga magsasaka. Madali ring nakapagpapatuoy ng damit. | Maaaring magkaroon ng sunog at mapanganib din sa kalusugan ang sobrang init. |



Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:

(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul)

File created by DepEdClick

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><th>Uri ng Panahon</th><th>Magandang Dulot</th><th>Hindi Magandang Dulot</th></tr>
<tr><td rowspan="2">Tag-ulan</td><td>Nakapagtatanim ng palay at iba pang gulay. Nadidiligan ang mga pananim.</td><td>Nasisira ang mga pananim at iba pang ari-arian at maaaring bumaha dahil sa sobrang tubig.</td></tr>
<tr><td>Napupuno ng tubig ang mga dam upang may magamit ang mga tao</td><td>Maaaring makakuha ng sakit gaya ng ubo, sipon, lagnat at trangkaso dahil sa malamig ng panahon</td></tr>
</table>
Ang kinaroroonan ng isang komunidad ay may kinalaman sa iba’t ibang uri ng panahon at kalamidad na nararanasan. Ito ay nagdudulot ng epekto sa anyong lupa, anyong tubig at sa tao.
<table>
<tr><th>Mga Kalamidad</th><th>Epekto</th></tr>
<tr><td>Lindol ⇨</td><td>Ito ay pagyanig o pag-uga ng lupa na nagiging sanhi ng pagguho ng mga gusali, bahay at iba pa.</td></tr>
<tr><td>Baha ⇨</td><td>Dala nito ang maraming tubig ulan na nakasisira ng mga pananim.</td></tr>
<tr><td>Bagyo ⇨</td><td>May dala itong malakas na hangin at ulan na nakasisira ng mga pananim at kabahayan.</td></tr>
<tr><td>Sunog ⇨</td><td>Maaaring mawalan ng bahay, ari-arian at buhay dahil sa usok at apoy.</td></tr>
<tr><td>Pagsabog ng bulkan ⇨</td><td>Delikado sa kalusugan ng tao at hayop ang usok at abo na dala nito.</td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>3</td>
<td></td>
<td>Panahon at Kalamidad sa Sariling Komunida d</td>
<td>
PAGYAMANIN
A. Panuto: Iguhit sa loob ang mga bagay na dapat gamitin sa panahon ng tag-init at tag-ulan. Kulayan ang mga ito. Iguhit ang mga ito sa sagutang papel.
B. Panuto: Ayusin ang mga letra sa loob ng tatsulok. Isulat ang nabuong salita sa kahon. Gamiting gabay ang mga pangungusap sa ibaba. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.
</td>
<td>
Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:
(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul)
</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Tag-init<br><br>Tag-ulan<br> | |
| 4 | | Panahon at Kalamidad sa Sariling Komunidad | **Isaisip**<br><br>Panuto: Isulat sa kahon ang tamang sagot base sa iyong napag-aralan. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.<br><br>1. Maaaring magbago ang buwan ng tag-init at tag-ulan dahil sa epekto ng ______ o pag-init ng daigdig.<br><br>2. Nakagagawa ng mga gawain o aktibidad sa labas sa panahon ng ______.<br><br>3. Sa panahon ng ______, maaaring magkasakit ng ubo, sipon, lagnat at trangkaso.<br><br>4. Ang ______ ay pagyanig o pag-uga ng lupa na nagiging sanhi ng pagguho ng mga gusali, bahay at iba pa.<br><br>5. Delikado sa kalusugan ng tao at hayop ang usok at abo na dala ng ______.<br><br>**Isagawa**<br><br>Panuto: Gumawa ng retrieval chart. Punan ng sagot ang bawat kahon. Gawin ito sa sagutang papel. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |


<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><th>Mga Kalamidad</th><th>Epekto nito sa atin</th><th>Maaaring gawin upang maging ligtas</th></tr>
<tr><td>1.bagyo</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2.baha</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>3.sunog</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>4.lindol</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>5. pagsabog ng bulkan</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>5</td>
<td></td>
<td>Panahon at Kalamidad sa Sariling Komunidad</td>
<td>
TAYAHIN<br><br>
Panuto: Itala ang ulat tungkol sa panahon na nararanasan sa iyong komunidad. Lagyan tske (/) ng ang bawat kahon. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.<br><br>
<table>
<tr><th>Uri ng Panahon / Araw</th><th></th><th></th><th></th><th></th></tr>
<tr><td>Lunes</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Martes</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Miyerkules</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Huwebes</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Biyernes</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Sabado</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Linggo</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
<br>
Karagdagang Gawain<br><br>
Panuto: Anong kalamidad ang nasa larawan? Ano ang epekto nito sa kapaligiran at sa tao?<br><br>

</td>
<td>Sagutan ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina ____.</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ | |

**WEEKLY LEARNING PLAN**

| Quarter | 1 | | Grade Level | 2 |
|---|---|---|---|---|
| Week | 7 | | Learning Area | FILIPINO |
| MELCs | **Nakasusulat ng parirala at pangungusap nang may wastong baybay, bantas at gamit ng malaki at maliit na letra.** | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang makasusulat ng parirala at pangungusap nang may wastong baybay, bantas at tamang gamit ng malaki at maliit na letra. | Pagsulat ng Parirala at Pangungusap | **SUBUKIN**<br><br>Panuto: Basahin at isulat nang wasto ang mga pangungusap gamit ang malaki at maliit na letra. Lagyan ito ng tamang bantas.<br><br>1. nagpunta ba si sara sa palaruan<br><br>2. panatilihing malinis ang kapaligiran<br><br>3. aray kinagat ako ng lamok<br><br>4. sa maynila siya nakatira<br><br>5. binilhan ng bagong damit si tonyo<br><br>**BALIKAN**<br><br>Panuto: Lagyan ng tamang bantas ang mga pangungusap.<br>_____________1. Diligan mo ang mga halaman<br>_____________2. Nagsisimba kami tuwing Linggo<br>_____________3. Bigay ba ni Didit ang regalo<br>_____________4. Yehey panalo tayo<br>_____________5. Paano ka nasugatan | Sagutan ang sumusunod na Gawain sa Pagkatuto Bilang ______ na makikita sa Modyul FILIPINO 2.<br><br>Isulat ang mga sagot ng bawat gawain sa Notebook/Papel/Activity Sheets.<br><br>Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |
| 2 | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang makasusulat ng parirala at | Pagsulat ng Parirala at Pangungusap | **TUKLASIN**<br><br>Panuto: Basahin ang kuwento at unawain itong mabuti. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul)<br><br>File created by DepEdClick |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | pangungusap nang may wastong baybay, bantas at tamang gamit ng malaki at maliit na letra. | | Ang Pagsusulit ni Robi<br>Akda ni: Clarissa Jane V. Gonzaga<br><br>Pagkagaling sa paaralan tinawag ni Robi ang kapatid upang maglaro. “Pakikuha mo yung bola Kiko para makapaglaro na tayo,” ang sabi ni Robi. “Bumalik kayo sa silid may pagsusulit kayo bukas,” sabi ng nanay. Agad naman sumunod ang magkapatid.<br>Nagtaka si Robi dahil nasa loob na siya ng silid-aralan. Ibinibigay na ang resulta ng kanilang pagsusulit. Hawak na niya ang kanyang papel. “Ano kaya ang aking marka?” sabi ni Robi sa kanyang isip. Pagbuklat ng kanyang papel nakita niya, bagsak ang marka niya. Iyak nang iyak si Robi dahil siguradong magagalit ang kanyang ina. “Robi, gising!” boses ito ng kanyang ina. Nagising si Robi. Pagmulat ng kanyang mata ay nakita niya ang kanyang ina. Nanaginip lang pala siya. “Nanay, mag-aaral na po ako nang mabuti.” sabi ni Robi.<br><br>Panuto: Sagutin ang mga tanong ayon sa kuwentong binasa. Isulat ang letra ng tamang sagot.<br>_____1. Sino ang may pagsusulit?<br>A. Kiko B. Robi C. Rico<br>_____2. Ano ang ginawa niya pagkagaling sa paaralan?<br>A. nagyayang maglaro<br>B. natulog sa kuwarto<br>C. nakipagkwentuhan sa kapatid<br>_____3. Kung ikaw si Robi ano ang gagawin mo kung mayroon kang pagsusulit?<br>A. makikipaglaro sa kapatid<br>B. mag-aaral na kaagad<br>C. matutulog na lang muna<br>_____4. Bakit magagalit ang ina ni Robi?<br>A. bagsak ang marka niya<br>B. nakatulog siya<br>C. naglaro siya<br>_____5. Anong aral ang natutunan ni Robi?<br>A. Huwag matutulog kapag nag-aaral.<br>B. Makipaglaro na lang sa kapatid.<br>C. Mag-aral nang mabuti.<br><br>**SURIIN**<br><br>Ang binasang kuwento ay madaling maunawaan dahil sa wastong gamit ng malaki at maliit na letra. Bukod dito mapapansin din na tama ang gamit ng bantas. Balikan natin ang ilang pangungusap sa kuwento at suriin.<br><br>Basahin ang mga sumusunod:<br>1. Nanay, mag-aaral na po ako ng mabuti.<br>2. Ano kaya ang aking marka? | |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | 3. Robi gising!<br>4. Pakikuha mo yung bola, Kiko para makapaglaro na tayo.<br>5. Pumunta kayo sa inyong silid at mag-aral may pagsusulit kayo bukas.<br><br>Pagkatapos suriin ang mga pangungusap mauunawaan mo na:<br><br>✓ Ang umpisa ng pangungusap ay laging nagsisimula sa malaking titik.<br><br>✓ Ang tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, at pangyayari ay dapat na nagsisimula sa malaking letra.<br><br>✓ Ang hulihan ng pangungusap ay laging nagtatapos sa tamang bantas.<br><br>✓ Ang ilan sa mga bantas na ginagamit ay:<br><br>• tuldok (.) - ginagamit tuwing pasalaysay o pautos<br>• tandang pananong (?) - ginagamit tuwing nagtatanong<br>• tandang padamdam (!) - ginagamit tuwing nagpapahayag ng matinding damdamin<br>• kuwit (,)- ginagamit tuwing pansamantalang hihinto | |
| 3 | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang makasusulat ng parirala at pangungusap nang may wastong baybay, bantas at tamang gamit ng malaki at maliit na letra. | Pagsulat ng Parirala at Pangungusap | **PAGYAMANIN**<br><br>**Pinatnubayang Pagsasanay 1**<br>Panuto: Piliin sa kahon ang salita na hindi wasto ang paggamit ng malaki at maliit na titik.<br><br>1. Tagpi / Aso / Blackie<br>2. guro / nars / Doktor<br>3. Dilaw / Bughaw / Kulay<br>4. gumamela / Sampaguita / bulaklak<br>5. ibon / Maya / agila<br><br>**Pinatnubayang Pagtatasa 1**<br><br>Panuto: Isulat ang tsek (✓) kung wasto ang pagkakasulat ng mga salita at ekis ( x ) kung hindi wasto.<br>_____1. si Bitoy<br>_____2. ang Pulis<br>_____3. sina Kokoy at pipay<br>_____4. asong tumatahol<br>_____5. tatakbong Bata | Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | **Pinatnubayang Pagsasanay 2**<br><br>Panuto: Isulat ang Oo o Hindi kung ang pangungusap ay gumamit ng tamang bantas at tamang gamit ng malaki at maliit na letra.<br><br>1. Nakita mo ba ang nawawala kong pantasa?<br>2. Pulutin ninyo ang mga kalat,<br>3. Sina Lolit, Bebe at Dani ay nag-eensayo ng sayaw?<br>4. Bilisan ninyo! kunin na ang mga gamit may sunog!<br>5. Maghugas ng kamay bago kumain.<br><br>**Pinatnubayang Pagtatasa 2**<br><br>Panuto: Piliin ang letra na tumutukoy sa maling bahagi ng pangungusap. Kung lahat ay tama, piliin ang letrang C.<br><br>_____1. Ang paborito (A) kong kulay ay Pula. (B) Tama (C)<br>_____2. Nasaan ang (A) iyong nanay? (B) Tama (C)<br>_____3. Si Soni ay (A) nagwawalis! (B) Tama (C)<br>_____4. Masustansiya ang (A) upo? kalabasa at talong. (B) Tam (C)<br>_____5. aray! Ang sakit (A) ng ngipin ko. (B) Tama (C) | |
| 4 | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang makasusulat ng parirala at pangungusap nang may wastong baybay, bantas at tamang gamit ng malaki at maliit na letra. | Pagsulat ng Parirala at Pangungusap | **Isagawa**<br><br>Panuto: Isulat ang letra ng pangungusap na may wastong gamit ng maliit at malaking letra at may tamang gamit ng bantas.<br><br>_____1.<br>A. Namasyal kami sa Baguio.<br>B. namasyal kami sa Baguio.<br>C. Namasyal kami sa baguio.<br><br>_____2.<br>A. Maaari ba akong dumaan?<br>B. Maaari ba akong dumaan!<br>C. Maaari ba akong dumaan.<br><br>_____3.<br>A. Huwag magtapon ng basura kahit saan?<br>B. Huwag magtapon ng basura kahit saan.<br>C. huwag magtapon ng basura kahit saan.<br><br>_____4.<br>A. ilan ang dala mong libro? | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | B. Ilan ang dala mong libro?<br>C. Ilan ang dala mong libro.<br><br>_____5.<br>A. grabe! Sobrang init ng panahon?<br>B. Grabe! Sobrang init ng panahon,<br>C. Grabe! Sobrang init ng panahon. | |
| 5 | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang makasusulat ng parirala at pangungusap nang may wastong baybay, bantas at tamang gamit ng malaki at maliit na letra. | Pagsulat ng Parirala at Pangungusap | **TAYAHIN**<br><br>Panuto: Basahin at isulat ang mga pangungusap nang may wastong gamit ng malaki at maliit na letra at lagyan ng tamang bantas.<br>1. uminom ng maraming tubig araw-araw<br><br>2. bakit ka nagtatago sa sulok<br><br>3. gusto ni elisa maging doktor<br><br>4. yehey nakakuha ako ng mataas na marka<br><br>5. pwede po bang makausap si wilma | Sagutan ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina ____. |

**WEEKLY LEARNING PLAN**

| Quarter | 1 | | Grade Level | 2 |
|---|---|---|---|---|
| Week | 7 | | Learning Area | ESP |
| MELCs | Mga gawaing makatutulong maisakilos ang mga paraan ng pagpapanatili ng kalinisan, kalusugan at pag-iingat ng katawan. (EsP2PKP-Id-11) | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | 1. Natutukoy ang kahalagahan ng pag-eehersisyo at malaman ang mga paraan upang maging malakas ang pangangatawan.<br>2. Natutukoy ang kahalagahan ng kalinisan ng kapaligiran at malaman ang mga paraan upang maging malinis ang kapaligiran. | Pagpapalakas ng Katawan at Pagpapanatili ng Malinis na Kapaligiran | **SUBUKIN**<br><br>Panuto: Iguhit ang nakangiting mukha sa kung tama ang isinasaad ng pangungusap at malungkot na mukha kung ito ay mali. Sagutin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel.<br><br>1. Ugaliing mag-ehersisyo araw-araw.<br>2. Huwag panatilihin na malinis ang inyong tahanan.<br>3. Itapon ang mga basura sa tamang lalagyan.<br>4. Ang malusog na puso at baga ay magdudulot ng malakas na pangangatawan.<br>5. Sa maruming kapaligiran mas lalakas ang iyong pangangatawan.<br><br>**TUKLASIN**<br><br>Sa bahaging ito ng iyong pagkatuto, ating isa-isahin ang mga gawain na makatutulong upang magkaroon ng malakas at malusog na pangangatawan.<br><br>**Pag-eehersisyo**<br>- ito ay mahalagang gawain na dapat isinasagawa ng isang tao sa kaniyang pang-araw-araw na buhay. Ito ay makatutulong upang mapalusog at mapalakas ang ating pangangatawan.<br><br>**Malinis na Kapaligiran**<br>Ang malinis na kapaligiran ay mahalaga sa atin dahil ito ang makapaglalayo sa atin sa anumang sakit at karamdaman.<br><br>Tamang disiplina ang kailangan upang mapanatiling malinis ang ating kapaligiran.<br><br>**Mga Gawain na Nagpapanatiling Malinis sa Kapaligiran** | Sagutan ang sumusunod na Gawain sa Pagkatuto Bilang ______ na makikita sa Modyul ESP 2.<br><br>Isulat ang mga sagot ng bawat gawain sa Notebook/Papel/Activity Sheets.<br><br>Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |

<table>
<tr><td></td><td></td><td></td><td>1. Pagwawalis.<br>2. Pagpulot ng mga kalat at pagtatapon sa tamang lalagyan.<br>3. Pagtatanim ng mga punongkahoy.<br>4. Pangangalaga ng mga ilog at dagat.</td><td></td></tr>
<tr><td>2</td><td>1. Natutukoy ang kahalagahan ng pag-eehersisyo at malaman ang mga paraan upang maging malakas ang pangangatawan.<br>2. Natutukoy ang kahalagahan ng kalinisan ng kapaligiran at malaman ang mga paraan upang maging malinis ang kapaligiran.</td><td>Pagpapalakas ng Katawan at Pagpapanatili ng Malinis na Kapaligiran</td><td>SURIIN<br><br>Panuto: Kulayan ang mga gawain na nagpapalakas ng ating katawan at nagpapanatiling malinis sa kapaligiran. Gawin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel.<br><br></td><td>Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul)<br><br>File created by DepEdClick</td></tr>
<tr><td>3</td><td>1. Natutukoy ang kahalagahan ng pag-eehersisyo at malaman ang mga paraan upang maging malakas ang pangangatawan.<br>2. Natutukoy ang kahalagahan ng kalinisan ng kapaligiran at malaman ang mga paraan upang maging malinis ang kapaligiran.</td><td>Pagpapalakas ng Katawan at Pagpapanatili ng Malinis na Kapaligiran</td><td>PAGYAMANIN<br><br>Panuto: Kulayan ng dilaw ang nagpapakita ng pangangalaga sa kapaligiran at nagpapalakas ng katawan. Gawin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel.<br><table><tr><td>1. Pumipitas ng halaman.</td><td>Nagdidilig ng mga halaman.</td></tr><tr><td>2. Nag-eehersisyo pagkagising sa umaga.</td><td>Tinatanghali ng gising.</td></tr><tr><td>3. Nagtatapon ng basura sa kapitbahay.</td><td>Pinupulot ang mga basura na nakakalat sa bakuran.</td></tr><tr><td>4. Nanonood ng telebisyon magdamag.</td><td>Tumatakbo upang pagpawisan ang katawan.</td></tr><tr><td>5. Nagtatanim ng mga puno at halaman.</td><td>Nagpuputol ng mga puno at halaman.</td></tr></table></td><td>Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul)</td></tr>
<tr><td>4</td><td>1. Natutukoy ang kahalagahan ng pag-eehersisyo at malaman ang</td><td>Pagpapalakas ng Katawan at Pagpapanatili ng Malinis na Kapaligiran</td><td>ISAGAWA<br><br>Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang larawang nakatutulong sa pagpapalakas at pagpapatibay ng katawan at ekis (x) naman kung hindi.</td><td>Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:</td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | mga paraan upang maging malakas ang pangangatawan.<br>2. Natutukoy ang kahalagahan ng kalinisan ng kapaligiran at malaman ang mga paraan upang maging malinis ang kapaligiran. | | Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno o sagutang papel.<br> | (Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |
| 5 | 1. Natutukoy ang kahalagahan ng pag-eehersisyo at malaman ang mga paraan upang maging malakas ang pangangatawan.<br>2. Natutukoy ang kahalagahan ng kalinisan ng kapaligiran at malaman ang mga paraan upang maging malinis ang kapaligiran. | Pagpapalakas ng Katawan at Pagpapanatili ng Malinis na Kapaligiran | **TAYAHIN**<br><br>Panuto: Basahin at tukuyin ang gawi sa pagpapalakas ng katawan at pagpapanatiling malinis sa kapaligiran. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kuwaderno o sagutang papel.<br>1. Nakakita si Lito ng balat ng kendi sa daan. Ano ang dapat niyang gawin?<br>A. Ipapupulot sa kaniyang kasama<br>B. Hahayaan ang balat ng kendi sa daan<br>C. Pupulutin at itatapon sa tamang basurahan<br>2. Ginising si Ana ng kaniyang ate upang mag-ehersisyo. Ano ang dapat niyang gawin?<br>A. Ipagpapatuloy ang pagtulog<br>B. Babangon sa higaan at mag-eehersisyo<br>C. Sisigawan ang ate niya dahil sa panggigising<br>3. Nakita mong maraming basurang nakakalat sa inyong bakuran. Ano ang iyong gagawin?<br>A. Wawalisin ang basurang nakakalat<br>B. Hindi papansinin ang basurang nakita<br>C. Ilalagay ang basura sa tapat ng kapitbahay.<br><br>**KARAGDAGANG GAWAIN**<br><br>Panuto: Magbigay ng tatlong gawain na nakatutulong sa pagpapalakas ng katawan at tatlong gawain na nagpapanatiling malinis ang kapaligiran. Gawin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel. | Sagutan ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina ____. |

**WEEKLY LEARNING PLAN**

| Quarter | 1 | | Grade Level | 2 |
|---|---|---|---|---|
| Week | 6 | | Learning Area | MATHEMATICS |
| MELCs | **illustrates the properties of addition (commutative, associative, identity) and applies each in appropriate and relevant situations.**<br><br>**visualizes, represents, and adds the following numbers with sums up to 1000 without and with regrouping:**<br>**a. 2-digit by 3-digit numbers**<br>**b. 3-digit by 3-digit numbers** | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | 1. mailalarawan ang mga properties of addition (Commutative, Associative, Identity)<br>2. maiaaplay ang bawat properties of addition sa angkop at kaugnay na mga sitwasyon (M2NS-Ig-26.3) | Illustrating the Properties of Addition | **SUBUKIN**<br><br>Punan ang patlang ng tamang bilang. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.<br>1. 10 + (3+2) = (10+ 3) + ___<br>2. 48 + 0 =<br>3. 0 + 109 =<br>4. 567 + 123 = ___ + 567<br>5. 11 + (2+8) = (___ + 2) + 8<br><br>**BALIKAN**<br><br>Kumpletuhin ang addition sentence. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.<br>1. ___ + 0 = 31<br>2. 0 + ___ = 73<br>3. 0 + 84 = ____<br>4. 128 + ___ = 128<br>5. ___ + 0 = 231<br><br>**TUKLASIN**<br><br>Alam mo ba na ang addition ay may property din na tinatawag?<br>Halina at tunghayan natin ang kuwento ng kambal na sina Mikki at Mikko.<br>Sina Mikki at Mikko ay parehong nasa ikalawang baitang. Bilang kambal, sila ay may pagkakatulad at pagkakaiba. | Answer the Learning Tasks found in MATHEMATICS 2 SLM.<br><br>Write you answeres on your Notebook/Activity Sheets.<br><br>Learning Task No. 1:<br><br>(This task can be found on page ____) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Pareho silang mahilig magtanim ng halaman. Si Mikki ay simple lamang ang mga damit na nais. Samantalang si Mikko ay mahilig sa makukulay at magagarang damit.<br><br>Minsan ay nagkatuwaan ang dalawa nang maisipan nilang magpalit ng damit at tingnan kung malilito ang kanilang ina. Subalit nagkamali ang dalawa, nakilala pa rin ni Aling Martha kung sino si Mikki at Mikko sa dalawa.<br><br><br><br>Sagutin ang mga tanong. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.<br><br>1. Ano ang pagkakatulad na binanggit sa kwento ng kambal na sina Mikki at Mikko?<br>2. Ano naman ang kanilang pagkakaiba?<br><br>Katulad ng property of addition na ating pag-aaralan ngayon, may pagkakaiba man ang mga bilang sa kanilang puwesto o grupo ay mananatili pa rin ang sagot. | |
| 2 | 1. mailalarawan ang mga properties of addition (Commutative, Associative, Identity)<br>2. maiaaplay ang bawat properties of addition sa angkop at kaugnay na mga sitwasyon (M2NS-Ig-26. 3) | Illustrating the Properties of Addition | **SURIIN**<br><br>Narito ang mga **Properties of Addition** na dapat mong malaman.<br>**Identity Property of Addition-** ang tawag kung ang **addends** ay dadagdagan ng **zero** (0), mananatiling ang bilang ng **addends** ang sagot o sum.<br>Halimbawa:<br>395 +0 = 395<br>210 + 0 = 210<br>0 + 108 = 108<br><br>**Commutative Property of Addition-** ang tawag kahit na pagpalitin ang ayos ng **addends** ay mananatili pa din ang sagot o sum. Hindi mahalaga ang ayos o **order** ng mga bilang.<br>Halimbawa:<br>a. 9 + 6 = 6 + 9<br>b. 14 + 28 = 28 + 14<br>c. 18 + 23 = 23 + 18<br><br>**Associative Property of Addition-** ang tawag kung pagpapalitin ang magkagrupo at mananatili ang sagot.<br>Halimbawa:<br>a. 9 + ( 6 + 3 ) = ( 9 + 6 ) + 3<br>b. 11 + ( 2 + 7 ) = ( 11 + 2 ) + 7<br>c. ( 23 + 42 )+ 14 = 23 + ( 42 + 14 )<br>d. (14 + 12) + 3 = (14 + 3) + 12<br><br>**PAGYAMANIN**<br><br>Pinatnubayang Pagsasanay 1 | Learning Task No. 2:<br><br>(This task can be found on page ____)<br>File created by DepEdClick |

Kumpletuhin ang tsart. Isulat ang nawawalang bilang sa iyong sagutang papel.

**Commutative**

1. 75 + 21 = __+ 75
2. __ + 64 = 32 + __
3. 19 + __ = __ + 16

**Identity**

1. 230 + 0 = ___
2. __ + 169 = 169
3. 304 + __ = 304

**Associative**

1. 3 + ( 10 + 17 ) = ( __ + __ ) + 17
2. __ + ( 8 + 31 ) = ( 9 + __ ) + 31
3. 74 + ( 9 + __ ) = ( __ + 9 ) + 12

Pinatnubayang Pagtatasa 1

Piliin sa Hanay B ang nawawalang numero sa Hanay A upang makumpleto ang addition sentence. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1.63 + ( __ + 31 ) = ( 63 + 10 ) + 31 | A. 15 |
| 2. 84 + 15 = __ + 84 | B. 12 |
| 3. 35 + ( 3 + __ ) = ( 35 + 3 ) + 12 | C. 10 |
| 4. 298 + 18 = ___ + 18 | D. 0 |
| 5. 328 + __ = 328 | E. 298 |

Pinatnubayang Pagsasanay 2
Piliin sa kahon ang ginamit na property sa mga sumusunod na addition sentence. Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.


**Isagawa**



Isulat ang nawawalang bilang upang makumpleto ang addition sentence. Gawing batayan ang addition property sa gilid.



| | Addition sentence | Property |
|---|---|---|
| 1 | 17 + 73 = __ + __ | Commutative |
| 2 | 26 + 0 = __ | Identity |
| 3 | ( 89 + 17 ) + 33 = __ + ( __ + __ ) | Associative |
| 4 | 63 + 89 = __ + __ | Commutative |
| 5 | ( 31 + 54 ) + 7 = __ + ( __ + __ ) | Associative |


**Tayahin**

Lagyan ng tsek () ang iyong papel kung ang addition sentence ay wasto ayon sa property of addition na nakalagay. Ekis (x) naman kung mali ang addition sentence.


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | __ 1. ( 49 + 13 ) + 19 = 49 + ( 19 + 13 ) Associative<br>__ 2. 29 + 11 = 29 + 11 Identity<br>__ 3. 463 + 0 = 463 Commutative<br>__ 4. 402 + 53 = 53 + 402 Commutative<br>__ 5. ( 64 + 45 ) + 87 = 64 + ( 87 + 45 ) Associative<br>__ 6. 0 + 51 = 51 Identity<br>__ 7. 298 + 0 = 298 Identity<br>__ 8. ( 24 + 17 ) + 35 = 24 + ( 17 + 35 ) Commutative<br>__ 9. 209 + 11 = 209 + 11 Commutative<br>__ 10. 178 + 26 = 26 + 178 Commutative | |
| 3 | 1. mavivisualize, mairerepresenta, at mapagsasama ang 2-digit at 3-digit numbers na may kabuuang bilang hanggang 1 000 na mayroon at walang regrouping (M2NS-Ig-27.4) | Visualizing, Representing, and Adding 2-Digit by 3-Digit Numbers Without and With Regrouping | **Balikan**<br><br>Balikan Bilangin at pagsamahin ang mga sumusunod.<br><br><br><br>**Tuklasin**<br><br>Masayang matutong magbilang, pero higit na masayang matutong magsuma. Kaya, tara tuklasin natin kung paano pagsamahin ang mga bilang.<br>Basahin natin ang kuwento ni Ma'am Weng at ng kaniyang mga mag-aaral.<br>Si Ma'am Weng ay guro sa isang pampublikong paaralan sa Bulacan. Siya ay masipag magturo kahit na may karamihan ang kaniyang mga mag-aaral. Ang kaniyang paaralan ay may 116 na lalaki at 98 na babae na mag-aaral sa baitang dalawa. Masaya ang kanilang klase kahit na may kakulitan ang mga batang mag-aaral. Pagsusuma at pagbabasa ang kanilang ginagawa sa loob ng silid-aralan. Kaya naman ang mga mag-aaral ay patuloy na pumapasok sa paaralan upang magkaroon ng dagdag na kaalaman.<br><br><br>**Suriin** | Learning Task No. 3:<br><br>(This task can be found on page ____) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Ilan ang kabuuang bilang ng mag-aaral sa baitang dalawa sa paaralang pinagtuturuan ni Ma’am Weng?<br>Kung ating pagsasamahin ang bilang ng lalaki at babae ay ganito ang gagawin. Siguraduhing magkatapat ang daanan, sampuan at isahan.<br><br><br>Halika at subukan mo!<br>Isulat ang katumbas na bilang ng mga representasyon. Pagsamahin ang mga bilang.<br> | |
| 4 | Nalalaman ang halaga ng mga set ng perang papel o barya hanggang sa halagang ₱100 | Count the Value of a Set<br>of Bills or a Set of Coins Through ₱100 | **Pagyamanin**<br><br>Pinatnubayang Pagsasanay 1<br>Pagsamahin ang mga sumusunod na bilang. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.<br> | Learning Task No. 4:<br><br>(This task can be found on page ____) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | <br><br>Pinatnubayang Pagtatasa1<br>Pagsamahin ang mga bilang. Iguhit sa iyong papel ang mga bilang gamit ang sumusunod na representasyon.<br><br><br><br>1. 158 + 23 = ______________________________<br>2. 245 + 17 = ______________________________<br>3. 262 + 47 = ______________________________<br>4. 302 + 11 = ______________________________<br>5. 313 + 27 = ______________________________<br><br>Pinatnubayang Pagsasanay 2<br>Pagsamahin ang mga sumusunod na bilang. Isulat sa iyong papel ang iyong sagot.<br><br> | |
| 5 | Nalalaman ang halaga ng mga set ng perang papel o barya hanggang sa halagang ₱100 | Count the Value of a Set of Bills or a Set of Coins Through ₱100 | **Isagawa**<br><br>Sundin ang panuto sa bawat bilang. Gawin ito sa iyong sagutang papel.<br>1. Pagsamahin ang 349 at 28 sa pamamagitan ng pagguhit ng representasyon na nais mong gamitin.<br>2. Idagdag ang 428 sa dalawamput anim.<br>3. Pagsamahin ang mga bilang na nasa representasyon. | Answer the Evaluation that can be found on page ______. |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | <br><br><br>4. Ibigay ang kabuuan ng 516 at 72.<br>5. Idagdag ang apatnapu't isa sa pitong daan at<br>walumpu't siyam.<br><br>**TAYAHIN**<br><br>Isulat sa sagutang papel ang kabuuang bilang ng mga sumusunod. Hanapin sa loob ng kahon ang wastong sagot.<br><br>324 647 444 443 641<br>404 339 742 768 735<br><br>1. Idagdag ang 87 sa 317.<br>2. Dagdagan ng labing anim ang 428.<br>3. Idagdag ang 426 sa dalawamput isa.<br>4. Ano ang kabuuan ng 520 at 48?<br>5. 616 + 23 = ___ | |

**WEEKLY LEARNING PLAN**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Quarter** | 1 | | **Grade Level** | 2 |
| **Week** | 7 | | **Learning Area** | ENGLISH |
| **MELCs** | **Recognize common action words in retelling, conversation, etc.** | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | 1. Identify action words; and<br>2. Recognize action words used in retelling stories, conversation, making statement and others | Recognize Common Action Words in Retelling Stories and Conversations | **What's New**<br><br>Today, we are going to talk about action words, do you know what an action word is? An action word tells about what is someone or something is doing. We also call it as verb.<br><br>Direction: Look at the following pictures. Read the sentences. Identify what is being done in the picture. Write your answers in your notebook.<br><br><br><br>**What is it**<br><br>Choose the letter of the correct answer. Write your answers in your notebook.<br><br>1.Which of the following is an action word or verb?<br>A. Ana B. bakes C. cake<br>2. Andrew plays with his favorite toy car. Which word from the sentence tells an action?<br>A. plays B. toy C. car<br>3. Mother ______ our favorite dish every day. What action word fits the sentence?<br>A. dries B. washes C. cooks | Sagutan ang sumusunod na Gawain sa Pagkatuto Bilang ______ na makikita sa Modyul ENGLISH 2.<br><br>Isulat ang mga sagot ng bawat gawain sa Notebook/Papel/Activity Sheets.<br><br>Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td>4. Which of the following is not an action word or verb?<br>A. run B. stand C. poem<br>5. Jane reads her favorite story. What is the action word in the sentence?<br>A. reads B. her C. stories</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>2</td>
<td>1. Identify action words; and<br>2. Recognize action words used in retelling stories, conversation, making statement and others</td>
<td>Recognize Common Action Words in Retelling Stories and Conversations</td>
<td>What's More<br><br>Guided Activity 1<br>Read the following examples of action words twice.
<table>
<tr><td>run</td><td>write</td><td>listen</td></tr>
<tr><td>eat</td><td>sing</td><td>draw</td></tr>
<tr><td>dance</td><td>wish</td><td>clean</td></tr>
<tr><td>watch</td><td>walk</td><td>bake</td></tr>
<tr><td>wash</td><td>jump</td><td>play</td></tr>
<tr><td>brush</td><td>read</td><td>cook</td></tr>
</table>
<br>Guided Activity 1<br><br>Read the story and look for the verbs. List them down in your notebook.<br><br>My Fruitful Quarantine Days<br><br>Since I stopped going to school because of the pandemic, I asked my mother how I could help her at home. She said I could start by picking my dirty clothes and putting them in the laundry area where she washes our clothes every day. She also added that I could help her by peeling some vegetables she would use to cook our favorite food. My mother also asked me to clean and organize my toys in the cabinet. Mother also reminded me that before leaving the bedroom in the morning, I should fix our beddings. I also help my brother and sister in washing the dishes, and in preparing the table before and after meals. Even though I don't go to school every day, I still read my books and write something on my notes. I also draw and paint different animals, flowers, and superheroes that I see in my books. These are the things that I do every day to have fruitful quarantine days.</td>
<td>Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul)<br><br>File created by DepEdClick</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Answer the following questions:<br><br>1. What did the mother ask him to do with dirty clothes?<br>a. Pick the dirty clothes and put them in the laundry area.<br>b. Put the dirty clothes under the bed.<br>c. Pick the dirty clothes and throw them in the trash bin.<br><br>2. How did he help his mother in the kitchen?<br>a. Cook the dishes for the family.<br>b. Buy vegetables and spices mother needs for cooking.<br>c. Peel the vegetable mother needs for cooking.<br><br>3. What did he do with his toys?<br>a. Played with them and left them everywhere.<br>b. Cleaned and organized his toys after playing.<br>c. Let his mother clean his toys alone.<br><br>4. What did he do to learn at home?<br>a. Watched TV every day.<br>b. Read his books.<br>c. Played with his brother and sister.<br><br>5. How does the boy spend his quarantine days at home?<br>a. He just sleeps long and eats his favorite foods.<br>b. He spends it fruitfully by helping his mother with household chores.<br>c. He watches his favorite TV shows all day long. | |
| 3 | 1. Identify action words; and<br>2. Recognize action words used in retelling stories, conversation, making statement and others | Recognize Common Action Words in Retelling Stories and Conversations | **Independent Activity 1**<br><br>Match the statements with the correct image. Write the letters of your answers in your notebook.<br>1. I pick my dirty clothes and put it in the laundry.<br>2. When my mother cooks, I help peel some vegetables.<br>3. Clean my toys after playing.<br>4. I wash the dishes with my brother.<br>5. I read my favorite book. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | <br><br><br>**Independent Activity 2**<br><br>Copy this in your notebook. Then, supply the correct action words or verbs to complete the things that you do every morning before going to school.<br><br>Every morning, I get up at 6 o'clock. First, I ____ my face. Then, I ____ my hair. Next, I ____ my breakfast mother ____ for us. After that, I ____ my teeth and take a bath. Finally, I kiss my mother and father and ____ goodbye. | |
| 4 | 1. Identify action words; and<br>2. Recognize action words used in retelling stories, conversation, making statement and others | Recognize Common Action Words in Retelling Stories and Conversations | **ASSESSMENT**<br><br>Choose the letter of the correct answer for each item. Write your answers in your notebook.<br><br>1. Xhania Georgina and Xian Gio Craig bake their favorite cake every Mother's Day. What is the verb in the sentence?<br>a. Xhania Georgina b. bake c. Xian Gio Craig<br>2. Grei Justin plays with his friends in the playground. Which word from the sentence tells an action?<br>a. plays b. friends c. playground<br>3. Aubrey Nicole _______ our dirty clothes every day. What action word fits the sentence?<br>a. watches b. washes c. throws<br>4. Gelsey Jade and Maria Franchezka play with their dolls. Which of the words is an action word?<br>a. dolls b. play c. their<br>5. Francis Brian and Gian Kyle draw flowers and trees. What is the ac-tion word in the sentence?<br>a. draw b. flowers c. trees | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul) |
| 5 | 1. Identify action words; and | Recognize Common Action Words in | | Sagutan ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina ____. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 2. Recognize action words used in retelling stories, conversation, making statement and others | Retelling Stories and Conversations | | |